

# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: *Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portugal, Tagalog, at madaling Hapon*

Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken <http://www.kian.or.jp/>

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## Ika-20 Harvard University Accapella Group Krokodiloes Concert



Ang Acappella Concert ng mga estudyanteng kalalakhian ng Harvard University ay gaganapin muli!

**[Araw at Oras]** Ika-21 ng Hunyo(Sabado) Concert:14:00- (13:30 ang pagbubukas ng lugar) Pangkalahatang upuan. Exchange meeting (may miryenda) : 15:30-16:30

**[Lugar]** Kawasaki International Center (10 minutong lakarin mula sa TokyuToyoko line / Meguro line "Motosumiyoshi Station")

**[Bayad para sa pagpasok]** •Set Ticket (Concert + Exchange meeting) pangkalahatan 3,080 yen Estudyante(Elementary, Junior-high, high school, university 2,050 yen (Advanced) •Concert lamang pangkalahatan 2,050 yen/ Estudyante 1,020 yen

\*Hindi maaaring pumasok sa konsiyerto ang batang hindi pa nag-aaral.

**[Aplikasyon]** Telepono, FAX, mail, o pumunta lamang sa Center para mag-aplay.

**[Pamamaraan ng pagbayad]** Magbayad lamang sa pamamaraan ng ① o ② sa ilalim.

①Cash (Bisitahin lamang sa Center at magbayad lamang. 10:00-16:00Lunes-Sabado)

②Postal Transfer Account Number : 00220-3-0132617 / Pangalan : Kawasaki Kokusai Kouryu Center →Ang tiket ay ipapadala kapag nakumpirma na ang transfe **[Katanungan]** Kawasaki International Association TEL.044-435-7000 (Lunes - Sabado 9:30~16:30)

\*\*\*\*\*

## 2014 International Festival in Kawasaki

Gaganapin muli ang anwal na ibentong "International Festival" sa taong ito.

Sa araw na ito maaaring maranasan ang iba't-ibang uri at kultura ng daigdig. Ang mga panauhin ay galing sa iba't ibang bansa upang magpe-perform o magbebenta ng pagkain at produkto.. Halina at Dumalo!!!

**[Araw at Oras]** Ika-6 ng Hulyo(Linggo)10:00-16:30

**[Lugar]** Buong Kawasaki International Center

**[Nilalaman]** Luto ng iba't ibang bansa, Pagbebenta ng mga folk craft, accessories at iba pa.

- Palabas ng sayaw at tugtog ng mga dayuhang mamamayan
- Pagsuot ng Yukata, Pagtikim ng Macha, flower arrangement
- Pagtugtog ng Japanese drums, dance stage, flea market at iba pa

**[Katanungan]** Kawasaki International Association TEL.044-435-7000 (月~土 9:30~16:30)

### Pambatang Klase ng Wika sa bakasyon sa Summer

**[Araw]** Ika-22 ng Hulyo(Martes) hanggang ika24(Huwebes) **[Lugar]** Kawasaki International Center

**[Kapasidad]** 15 katao bawat klase (sa bunutan) **[Halaga]** 3,080 yen bawat klase (kasama ang material fee)

**[Paraan ng aplikasyon]** Isulat sa return postcard (isang kard bawat isang estudyante/klase) ang sumusunod.

①Pangalan ng klase ②Pangalan ng estudyante at pagbigkas ③Edad ④Tirahan ⑤Contact Number.

Isulat ang pangalan at adres ng tagapag-alaga sa "Return" card.


\*Anumang aplikasyon gamit ang bukod sa return postcard ay di-wasto.

**[Huling araw ng pag-aplay]** Dapat dumating ang aplikasyon sa Ika-10 ng Hulyo (Huwebes)

Klase	Oras	Edad	Titser
Pambatang Ingles A	9:50~10:50	Grade1-2	Victoria Lukashuk
Pambatang Ingles A	11:00~12:00	Grade 3-4	
Pambatang wikang Intsik A	13:00~14:00	5-8 taong gulang (Maaaring sumama ang tagapag-alaga sa kuwarto)	Zhang Xiu-kun



# “Tungkol sa mga Medikal na impormasyon”



◇ Ang prepektura ng Kanagawa ay namamahala ng sistema ng pahatid ng medikal na interpreter.

Sa loob ng Kawasaki City, Ang 6 na mga ospital na nakasulat sa ibaba ay kooperatibang ospital sa sistemang ito at maaaring ipapadala ang medikal na interpreter kung kailangan

Kawasaki Municipal Hospital /Kawasaki Municipal Ida Hospital /Kawasaki Municipal Tama Hospital/Ota General Hospital/St. Marianna University School of Medicine Hospital/Kawasaki Kodo Hospital

## 【Katanungan】 Mga tanggapan ng medikal na konsultasyon sa bawat ospital

◇Mayroong pahina na “Kawasaki no Oisha san” sa loob ng homepage ng Kawasaki City.

Ito ay isang systema upang i-search ang medikal na institusyon sa loob ng Kawasaki City. May Japanese at Ingles na edisyon.

○Maaaring i-search ang ospital na malapit sa inyo batay sa ward na kinaroroonan ng ospital, mga uri ng institusyon (tulad ng Internal Medicine, Pediatrics atbp) o araw at oras na nais ninyong magpatingin.

○Maaaring i-search ang ospital na maaaring gamitin ang wika maliban sa wikang Hapon.

○Maaari ding i-search kung mayroon mga doktor na marunong mag-ingles sa ward na iyong tinitirahan. Maaaring umalis na ang doktor na marunong mag-ingles sa ospital na iyon, kayat’t mangyaring kumpirmahin muna gamit ang telepono atbp bago pumunta. <http://www.city.kawasaki.jp/>

◇Mayroong “Multilingual medical Questionnaire” na naisalin sa higit sa 15 ng wika sa homepage ng Kanagawa International Foundation

○Ito ay gamitin upang ipaliwanag ang iyong sintomas sa doktor sa ospital na hindi gamitin ang ibang wika bukod sa wikang Hapon.

○I-search ang “たげんごいりょうもんしんひょう” at gamitin lamang.

\*\*\*\*\*

## Libreng Pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

Maaaring kumonsulta kung may katanungan. (Libre)

•Oras ng konsultasyon (10:00-12:00,13:00-16:00) Tel: 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portugal	Martes•Biyernes
Koreano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles•Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles



•Kawasaki ward office (konsultasyon)

•Asao ward office (konsultasyon)

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at Ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

\* Libreng konsultasyon sa Gyosei Shoshi (wikang Hapon) Lugar: Center 2F Conference room

•Araw at Oras: Ika-15 ng Hunyo, Linggo 14:00-16:00 (Kailangang ang reserbasyon para sa interpreter)